Name : ________________________________________________

Topic: Araling Panlipunan – Pagwawakas ng Digmaan, Balangiga Masaker, Pagdakip kay Aginaldo, Pasong Tirad

SCHOOLKID.PH
http://www.schoolkid.ph
Contributor : RFAquino

**PANUTO:** Isulat ang T kung tama ang isinasaad ng pangungusap. Kung ito ay mali, palitan ang nakasalungguhit na salita upang maging tama ang pangungusap.

_______________ 1. Nais ni Apolinario Mabini ng isang mapayapang resolusyon sa kinahaharap ng bansa kabilang na ang pagiging estado ng Pilipinas sa Amerika.

_______________ 2. Ang "Peace Cabinet" ay isang komisyon na pinamunuuan ni Pedro Paterno upang kausapin ang Amerika.

_______________ 3. Para kay Mabini at Hen. Antonio Luna, ang pagnanais ng autonomiya ay maituturing isang treason dahil para sa kanila ang Pilipinas ay isang malayang bansa na may sariling saligang batas.

_______________ 4. Nagbitiw sa tungkulin si Pedro Paterno ng maramdaman niya na walang suporta sa kanya si Aguinaldo.

_______________ 5. Upang mapangalagaan ang Republika, nagpalipat-lipat ng kabisera si Apolinario Mabini.

_______________6. Isang mahalagang lihim ang nakumpiska ni Hen. Funston mula sa isang mensahero ni Aguinaldo na siyang nakatulong sa kanya na malaman ang kinaroroonan ni Aguinaldo.

_______________ 7. Tinulungan ng mga sundalo mula sa Mexico, Pampanga ang mga Amerikano na madakip si Aguinaldo.

_______________ 8. Ang pagkadakip kay Aguinaldo ay naging senyales na katapusan ng Republika ng Malolos.

_______________9. Kinulong ng mga Amerikan si Aguinaldo sa Intramuros.

_______________ 10. Sa bandang huli, ay nanumpa si Aguinaldo ng pakikiisa sa Espanyol.

_______________ 11. Sa patuloy na pakikipaglaban ng mga Pilipino, napatunayan ang kagitingan at kabayanihan nila.

**PANUTO:** Isulat ang titik ng tamang sagot.

_____ 1. Si (A. Hen. Gregorio del Pilar B. Hen. Vicente Lukban) ay isang pinunong heneral ni Aguinaldo sa Visayas na nagsagawa ng paglusob sa mga Amerikano sa Balangiga, Samar.

_____ 2. (A. Umaga B. Gabi) noon ng Setyembre 28, 1901 nang maganao ang Masaker sa Balangiga.

_____ 3. Sa senyales ng (A. kampana B. tambol) ng simbahan, lumusob ang mga Pilipinong sundalo.

_____ 4. Si (A. Hen. Gregorio del Pilar B. Hen. Vicente Lukban) ang tumulong kay Aguinaldo habang tumatakas siya patungong Isabela.

_____ 5. Sa (A. Pugad Lawin B. Pasong Tirad) sa Ilocos ipinamalas ni Hen. Gregorio del Pilar ang kanyang kabayanihan.

Copyright 2013 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.